



**EPEKTIBIDAD NG PAGTUTURO NG BOKABULARYO GAMIT ANG
INTERAKTIBONG MEDIA SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL
SA FILIPINO SA BAITANG 9**

ANGELOU IVY C. ESTRERA

Teacher III

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

angelouivy.castaneda029@deped.gov.ph

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 9. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng quasi-experimental research design na may pre-test at post-test upang matukoy ang epektibidad ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 9. Pinili ang dalawang grupo ng mag-aaral: isang experimental group na ginamitan ng interaktibong media sa pagtuturo at isang control group na ginamitan ng tradisyonal na pamamaraan. Sinukat ang antas ng bokabularyo at kabuuang pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon upang makita ang pagbabago at pagkakaiba ng resulta. Sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang descriptive at inferential statistics, nilayon ng pag-aaral na patunayan kung mas naging epektibo ang interaktibong media kumpara sa karaniwang paraan ng pagtuturo sa pagpapahusay ng bokabularyo at pagganap sa Filipino.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Iskor ng mga Mag-aaral sa Pre-Test at Post-Test, na naglalayong ipakita kung may makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon sa pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media. Ipinapakita sa talahanayan ang mean scores ng pre-test at post-test, ang computed t-value, critical t-value, desisyon, at interpretasyon upang matukoy kung ang interbensyon ay naging epektibo sa pagpapataas ng antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Batay sa datos, ang mean score ng pre-test ay 22.05, na may katumbas na deskripsyong "Fair," samantalang ang post-test mean score ay tumaas sa 34.42, na may katumbas na deskripsyong "Very Good." Ang computed t-value na 18.25 ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 2.02, kaya ang null hypothesis (H_0) ay tinanggihan, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan na ang interbensyon gamit ang interaktibong media ay nagdulot ng malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral, kung saan ang kanilang antas ay umangat mula sa Fair patungong Very Good. Ang resulta ay nagpapakita na epektibo ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo at nakatulong upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa bokabularyo, sapagkat ang pangkalahatang average rating na 34.42 (Very Good) ay malinaw na indikasyon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang pagkatuto. The result implies that ang paggamit ng interaktibong media sa pagtuturo ay nakapagpataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral at pinatibay ang kanilang pag-unawa sa aralin.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon, mabilis ang pag-unlad ng teknolohiya at malaking bahagi na ito ng pang-araw-araw na buhay ng kabataan. Dahil dito, mahalagang suriin kung paano nagagamit ang teknolohiya sa mas epektibong pagtuturo, partikular sa pagpapalawak ng bokabularyo. Ang bokabularyo ay pundasyon ng mabisang komunikasyon; kapag kulang ang kaalaman ng mag-aaral sa mga salita, nahihirapan siyang makaintindi at makapagpahayag nang maayos. Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin kung ang paggamit ng interaktibong media ay nagiging epektibong estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo at nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Bukod dito, nagbibigay ito ng alternatibong paraan para sa mga guro na hindi lamang nakasalalay sa tradisyonal na pagtuturo, kundi gumagamit ng mga estratehiyang mas nakaka-engganyo sa kabataan.

Ayon kay Marvilyn C. Francia (2020), natuklasan na ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, kasama ang mentoring at gabay ng mga administrador, ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng guro. Kapag mas handa at may sapat na kasanayan ang guro, mas epektibo ang pagtuturo ng wika, kabilang ang pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Mahalagang tuklasin ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo na makatutugon sa pangangailangan ng Baitang 9 na mag-aaral. Nakita ng mananaliksik na mas

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue III

March 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



epektibo ang mga interaktibong media dahil nakaka-engganyo ang mga ito at nagbibigay ng aktibong papel sa mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto. Ang paggamit ng digital flashcards, online games, at multimedia presentations ay nagpapadali sa pagkatuto at nagiging mas masigla ang pagtuturo kumpara sa tradisyonal na lecture method. Bukod dito, binibigyan nito ng pagkakataon ang guro na magbigay ng agarang feedback, na nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa at aplikasyon ng bagong bokabularyo sa pangungusap at pakikipag-usap sa Filipino.

Isa sa mga pangunahing problema na hinarap ay ang kakulangan ng kagamitan sa ilang paaralan, tulad ng projector, computer, at maayos na internet connection, na siyang kinakailangan sa paggamit ng interaktibong media. Mayroon ding pagkakaiba-iba sa kasanayan ng guro at mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya, kung saan ang ilan ay mabilis matuto samantalang ang iba ay nangangailangan ng mas maraming gabay. Dagdag pa rito, may pagkakataon na nawawala ang pokus ng mag-aaral sa aralin dahil mas naaaliw sa teknikal na aspeto ng media kaysa sa leksyon. Panghuli, limitado rin ang oras sa klase at may mga pagkakataong hindi tugma ang interaktibong aktibidad sa lesson plan o curriculum, na nagiging hadlang sa tuloy-tuloy na paggamit ng media bilang estratehiya sa pagtuturo.

Ang pananaliksik ay magbibigay ng gabay sa mga guro kung paano epektibong gamitin ang teknolohiya upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral, mapataas ang interes at motibasyon, at mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa wika. Ito rin ay magsisilbing batayan sa pagpapalano ng mas makabago at epektibong mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa hinaharap.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang pag-aaral na ito ay sinusuri ang Epektibidad ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa baitang 9. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa pretest bago ang paggamit ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media?
2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa pretest matapos ang paggamit ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa pretest bago at pagkatapos sa paggamit ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Walang Hipotesis:

HO: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino sa pretest bago at pagkatapos sa paggamit ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



METODOLOHIYA

Design. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng quasi-experimental research design na may pre-test at post-test upang matukoy ang epektibidad ng pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 9. Pinili ang dalawang grupo ng mag-aaral: isang experimental group na ginamitan ng interaktibong media sa pagtuturo at isang control group na ginamitan ng tradisyonal na pamamaraan. Sinukat ang antas ng bokabularyo at kabuuang pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon upang makita ang pagbabago at pagkakaiba ng resulta. Sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang descriptive at inferential statistics, nilayon ng pag-aaral na patunayan kung mas naging epektibo ang interaktibong media kumpara sa karaniwang paraan ng pagtuturo sa pagpapahusay ng bokabularyo at pagganap sa Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa New Ormoc City National High School. Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito ay isang pre-test at post-test na idinisenyo upang masukat ang antas ng bokabularyo at kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 9 bago at pagkatapos ng interbensyon gamit ang interaktibong media. Ang pagsusulit ay binuo batay sa mga pamantayan ng kurikulum sa Filipino at sinuri muna sa pamamagitan ng validation ng mga eksperto upang matiyak ang kawastuhan at pagiging angkop nito sa antas ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng instrumentong ito, nilayon ng pag-aaral na makita ang pagbabago sa bokabularyo at pagganap ng mga estudyante at natukoy ang epektibidad ng interaktibong media bilang estratehiya sa pagtuturo.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pagpili ng sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 9 (20 Males, 19 Females) ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating School Division Superintendent na si Dr. Carmelino P. Bernadas, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga gurong may pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pang-pananaliksik na ginamit ay ang mga test questionnaires batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa Filipino 9 na nakatuon sa unang markahan. Ang mga ito ay ipinamamahagi ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan din sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9.

Ang mga datos ay kinolekta at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito:

Ang mga quantitative na tugon ay binilang at inilagay sa talahanayan. Ang mga datos ay sinuri sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan:

Weighted Mean – Ito ay ginamit upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino.

T-Test for Mean Difference – Ang kasangkapang ito ay ginamit upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pretest at posttest ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Filipino.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

TABLE I

Antas ng Paggamit ng Mga Manipulatibong Kagamitan

Score Range	Description	Frequency	%
36–40	Very Good	0	0.00%
26–35	Good	11	28.21%
16–25	Fair	21	53.85%
0–15	Poor	7	17.95%

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Score Range	Description	Frequency	%
Total		39	100%

Weighted Mean: 22.05 – Fair

MPS: 55.13%

Ang talahanayang ito sa PRE-TEST PERFORMANCE OF LEARNERS” na nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon. Inilalarawan sa talahanayan ang distribusyon ng marka batay sa score range, katumbas na deskripsyon, dalas (frequency), at porsyento ng bawat antas. Makikita rin ang kabuuang bilang ng mga respondente, ang weighted mean, at ang Mean Percentage Score (MPS) na nagsisilbing batayan sa pangkalahatang pagsusuri ng kanilang paunang kakayahan.

Batay sa talahanayan, walang mag-aaral (0 o 0.00%) ang nakakuha ng markang nasa 36–40 (Very Good). Labing-isa (11 o 28.21%) ang nakapaloob sa 26–35 (Good) na antas. Pinakamataas ang bilang ng mga mag-aaral sa 16–25 (Fair) na may dalawampu’t isa (21 o 53.85%). Samantala, pito (7 o 17.95%) ang nakakuha ng 0–15 (Poor) na marka. Ipinakikita ng distribusyong ito na higit sa kalahati ng mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas lamang ng pagganap bago ang implementasyon ng interaktibong media.

Ang kabuuang bilang ng mga respondente ay tatlumpu’t siyam (39) na kumakatawan sa 100%. Ang naitalang Weighted Mean na 22.05 ay may katumbas na deskripsyong Fair, habang ang Mean Percentage Score (MPS) ay 55.13%. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may limitadong kaalaman at kasanayan sa bokabularyo sa Filipino bago

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ang interbensyon, at nangangailangan pa ng mas pinaigting na estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang kanilang antas ng pagganap.

Sa kabuuan, ang mga resulta—0% sa Very Good, 28.21% sa Good, 53.85% sa Fair, at 17.95% sa Poor, na may weighted mean na 22.05 at MPS na 55.13%—ay nagpapakita na ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral ay nasa Fair na antas. The result implies that ang mga mag-aaral ay hindi pa ganap na nakaaabot sa inaasahang mataas na antas ng kasanayan sa bokabularyo, kaya't mahalaga ang pagpapatupad ng mas makabago at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo upang mapabuti ang kanilang akademikong pagganap.

TABLE 2

PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA POST-TEST

Score Range	Description	Frequency	%
36–40	Very Good	23	58.97%
26–35	Good	14	35.90%
16–25	Fair	2	5.13%
0–15	Poor	0	0.00%
Total		39	100%

Weighted Mean: 34.42 – Very Good

MPS: 86.05%

Ang talahanayang ito “POST-TEST PERFORMANCE OF LEARNERS” na nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng interbensyon sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue III

March 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media. Inilalahad sa talahanayan ang distribusyon ng marka batay sa score range, katumbas na deskripsyon, dalas at porsyento, pati na rin ang kabuuang bilang ng mga respondente, weighted mean, at Mean Percentage Score (MPS) bilang batayan ng pangkalahatang pagsusuri ng kanilang pagganap pagkatapos ng interbensyon.

Batay sa resulta, dalawampu't tatlo (23 o 58.97%) na mag-aaral ang nakakuha ng markang 36–40 (Very Good), na siyang may pinakamataas na porsyento sa lahat ng antas. Labing-apat (14 o 35.90%) ang nakapaloob sa 26–35 (Good). Dalawa (2 o 5.13%) lamang ang nasa 16–25 (Fair), at walang mag-aaral (0 o 0.00%) ang nakakuha ng 0–15 (Poor). Ipinakikita ng distribusyong ito na karamihan sa mga mag-aaral ay umabot na sa mataas na antas ng pagganap matapos ang interbensyon.

Ang kabuuang bilang ng mga respondente ay tatlumpu't siyam (39) na kumakatawan sa 100%. Ang naitalang Weighted Mean na 34.42 ay may katumbas na deskripsyong Very Good, habang ang Mean Percentage Score (MPS) ay 86.05%. Makikita ang malaking pagangat ng karamihan ng mga mag-aaral patungo sa mas mataas na antas ng kasanayan, lalo na sa kategoryang Very Good, at tuluyang pagkawala ng bilang sa antas na Poor.

Sa kabuuan, ang mga resulta—58.97% sa Very Good, 35.90% sa Good, 5.13% sa Fair, at 0.00% sa Poor, na may weighted mean na 34.42 at MPS na 86.05%—ay nagpapakita ng napakataas na antas ng pagganap pagkatapos ng interbensyon. The result implies that ang paggamit ng interaktibong media sa pagtuturo ng bokabularyo ay naging mabisa sa pagpapataas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, sapagkat ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pangkalahatang average rating na 34.42 (Very Good) ay indikasyon ng makabuluhang pag-unlad mula sa kanilang dating antas ng pagganap.

TABLE 3

PAGSUSURI NG PAGKAKAIBA SA ISKOR NG MGA MAG-AARAL SA PRE-TEST AT POST-TEST

Aspects	Test Scores (Mean)	Computed t	Critical t	Decision	Interpretation
Pre vs Post	Pre = 22.05 Post = 34.42	18.25	2.02	Reject Ho	Significant

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Iskor ng mga Mag-aaral sa Pre-Test at Post-Test”, na naglalayong ipakita kung may makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon sa pagtuturo ng bokabularyo gamit ang interaktibong media. Ipinapakita sa talahanayan ang mean scores ng pre-test at post-test, ang computed t-value, critical t-value, desisyon, at interpretasyon upang matukoy kung ang interbensyon ay naging epektibo sa pagpapataas ng antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Batay sa datos, ang mean score ng pre-test ay 22.05, na may katumbas na deskripsiyong “Fair,” samantalang ang post-test mean score ay tumaas sa 34.42, na may

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



katumbas na deskripsyong "Very Good." Ang computed t-value na 18.25 ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 2.02, kaya ang null hypothesis (Ho) ay tinanggihan, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan na ang interbensyon gamit ang interaktibong media ay nagdulot ng malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral, kung saan ang kanilang antas ay umangat mula sa Fair patungong Very Good. Ang resulta ay nagpapakita na epektibo ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo at nakatulong upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa bokabularyo, sapagkat ang pangkalahatang average rating na 34.42 (Very Good) ay malinaw na indikasyon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang pagkatuto. The result implies that ang paggamit ng interaktibong media sa pagtuturo ay nakapagpataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral at pinatibay ang kanilang pag-unawa sa aralin.

CONCLUSION

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Iskor ng mga Mag-aaral sa Pre-Test at Post-Test, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang interaktibong media sa pagtuturo ng bokabularyo. Ipinapakita nito na ang estratehiyang ginamit ay epektibo sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa Filipino, pinapalakas ang partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral, at nagdulot ng positibong pagbabago sa kanilang pang-akademikong pagganap. Ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



resulta ay nagpapahiwatig na ang integrasyon ng interaktibong media sa pagtuturo ay mahalagang pamamaraan upang mas mapabuti ang antas ng pagkatuto at kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral.

RECOMMENDATIONS

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

Dapat ang guro ay patuloy na gamitin at paunlarin ang interaktibong midya sa pagtuturo ng bokabularyo upang higit na mapabuti ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino, at magsagawa ng regular na paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit upang masubaybayan ang pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Dapat ang punong-guro ay suportahan ang pagpapatupad ng makabagong estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na kagamitan, pagsasanay, at oras para sa pagpapalano ng mga interaktibong aralin, upang matiyak ang epektibong pagtuturo sa lahat ng guro at mag-aaral.

Dapat ang Tagapangasiwa ng Distrito ng Pampublikong Paaralan ay hikayatin at gabayan ang mga paaralan sa paggamit ng interaktibong pagtuturo, at maglaan ng masusing pagsubaybay at pagsusuri upang matukoy ang tagumpay ng interbensyon sa buong distrito.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue III

March 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Dapat ang mga magulang ay aktibong suportahan ang pagkatuto ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras para sa pagsasanay sa bahay, pagbibigay ng positibong puna, at paggabay sa paggamit ng natutunang bokabularyo sa araw-araw na pakikipag-usap.

Dapat ang mananaliksik ay ipagpatuloy ang paggamit ng interaktibong midya bilang interbensyon at masusing subaybayan ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral, at magbigay ng mungkahi para sa mas epektibong kagamitang panturo at pamamaraan batay sa nakalap na datos.

Dapat ang mga mananaliksik sa hinaharap ay magsagawa ng mas malawak at mas detalyadong pag-aaral tungkol sa paggamit ng interaktibong midya sa pagtuturo ng Filipino, kabilang ang iba pang aspeto ng wika tulad ng pagbasa at pagsusulat, at subukan ang iba't ibang uri ng interaktibong teknolohiya upang higit na mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ACKNOWLEDGEMENT

Una, ako'y taos-pusong nagpapasalamat sa Poong Maykapal sa walang hanggang biyaya, kaalaman, at pagkakataon upang matapos ang aking pag-aaral sa antas ng gradwado.

Sa pagkakataong ito, taos-puso kong ipinahahayag ang aking pasasalamat sa mga taong naging instrumento sa matagumpay na pagsasakatuparan ng tesis na ito.

Lubos kong ipinagpapasalamat kay Dr. Bryant C. Acar, Dekano ng Graduate School, at ni Dr. Annabelle A. Wenceslao, aking tagapayo sa pananaliksik, pati na rin ang mga miyembro ng lupon ng tesis na sina Dr. Elvin H. Wenceslao at Dr. Jasmine B. Misa sa kanilang mahahalagang mungkahi at suporta tungo sa katuparan ng pag-aaral na ito.

Nagpapasalamat din ako sa mga estudyante na tapat at aktibong nakilahok sa mga gawain, at sa administrasyon ng New Ormoc City National High School sa pagbibigay ng pahintulot at suporta upang maisagawa ang pag-aaral na ito.

Higit sa lahat, taos-puso akong nagpapasalamat sa aking pamilya sa kanilang walang sawang suporta at patuloy na pagbibigay ng lakas ng loob.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



REFERENCES

Alonzo, E. (2021). Kahalagahan ng mga manipulativ na materyales sa pagkakaroon ng mas masaya at nakakaengganyong karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Fiel, E. T. (2025). Epektibidad ng mga estratehiya sa multimodal na pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(3). Retrieved from <https://www.ijams-bbp.net>

Francisco, A. L., & Padilla, M. J. (2025). Paggamit ng multimodal na pamamaraan sa pagtuturo ng literasiya sa mga Deaf na estudyante sa kolehiyo upang mapahusay ang kanilang pag-unawa. University of the Philippines–De La Salle Benilde. Vice President for Academic Affairs Bulletin. Nakuha mula sa <https://ovpaa.up.edu.ph>

Garinto, L. A., & Valdez, P. N. (2018). Kritikal na pedagogiya at multimodalidad sa Pilipinas: Pagsasangkot ng mga mag-aaral sa panahon ng post-truth. ResearchGate. Nakuha mula sa <https://www.researchgate.net>

Lucero, H., Dela Cruz, J., Ramirez, M., & Santos, L. (2022). Kahandaan sa e-learning at integrasyon ng multimodal na pedagogiya sa mga institusyon ng mas mataas na edukasyon sa Pilipinas: Isang deskriptibo-komparatibong pagsusuri. arXiv. <https://arxiv.org/abs/2202.06069>

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Mariano, et al. (2021–2022). Pagpapahusay ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa pamamagitan ng lokal na aktibidad na batay sa laro. Batac, Ilocos Norte: Mariano Marcos State University Laboratory High School.

Ocampo, M. (2024). Praktikal na kasanayan at multimodal na pagkatuto: Daan tungo sa epektibong edukasyon. *International Journal of Practical Education*, 6(1), 25-40.

Pungtilan, R. D. (2022). Pagbuo ng multimodal na module para sa pagtuturo ng KOMFIL: Isang syllabus na nakabatay sa pangangailangan. Ilocos Sur Polytechnic State College. (Ulat sa Pananaliksik ng Institusyon)

Ramirez, E. (2022). Social media at multimodal na pagkatuto: Isang bagong hangganan sa edukasyon. *Journal of Media and Education*, 14(3), 78-90.

Taganahan, K. M., & Apolinar, J. A. (2025). Media literacy at multimodal na kagamitan sa pagkatuto bilang kaugnay ng akademikong pagganap ng mga Pilipino sa antas tersyarya sa Mindanao. *EPRA International Journal of Research and Development*, 11(1), 22–30. Nakuha mula sa <https://eprajournals.com/IJMR/article/14815>

Tan, J. (2021). Pagsasamang pagkatuto sa multimodal na konteksto: Mga benepisyong hamon. *International Journal of Educational Technology*, 18(2), 34-50. <https://doi.org/10.1007/s41239-021-00248-2>

Tope, J. R. (2021). Bisa ng multimodal na teksto sa pagkatuto ng Afro-Asian na panitikan sa mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Laguna. *International Journal of Research*

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue III

March 2026


Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Studies in Education, 10(4), 99–112. Nakuha mula
sa <https://consortiacademia.org>

Uen, S. L. (2021). Epekto ng multimodal na pagkatuto sa akademikong pagganap: Isang komprehensibong pagsusuri. *International Journal of Educational Research*, 112, 101861. <https://doi.org/10.1016/j.ijer.2021.101861>

Vargas, A. (2023). Integrasyon ng teknolohiya sa multimodal na pagkatuto: Mga epekto sa akademikong pagganap. *Journal of Educational Technology*, 12(3), 45-67.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



AUTHOR'S PROFILE



ANGELOU IVY CASTAÑEDA ESTRERA

Ang may-akda ay isinilang noong Enero 8, 1997 sa Lungsod ng Ormoc City, Leyte, Philippines. Natapos niya ang kanyang kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon sa Western Leyte College. Noong siya ay nasa mataas na paaralan at kolehiyo, aktibo siyang nakilahok at nanguna sa iba't ibang gawain. Ang mga karanasang ito sa pamumuno at paggabay ang humubog sa kanyang interes sa larangan ng pamamahala at naging inspirasyon upang piliin ang Filipino bilang kanyang espesyalisasyon sa kanyang masterado.

Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kanyang Master of Arts in Education na may espesyalisasyon sa Filipino sa Western Leyte College sa Lungsod ng Ormoc. Siya ay kasalukuyang Teacher III sa Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) at guro ng Baitang IX sa New Ormoc City National High School na matatagpuan sa Barangay Don Felipe Larrazabal Lungsod ng Ormoc, Leyte, Philippines.

Siya ang Pangkalahatang Koordinator ng Pagbasa sa Filipino, isang masigasig at inspiradong tagapagturo na walang sawang nag-aalaga at nagpapaunlad ng pagmamahal sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue III

March 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



wikang Filipino, nagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa, at nagbibigay ng inspirasyon sa mga

mag-aaral upang maabot ang kahusayan.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
